

1

Kahit pala ang mga likas na masayahing tao na katulad ni Mitch Ysmael ay nagagapi rin ng lungkot paminsan-minsan at may mga pagkakataong kinukulang din ng pag-asa.

Napabuntong-hininga ang dalaga habang pumapasok sa bakuran ng *Golden Legacy*, isang home-for-the-aged institution kung saan sumasaglit siya tatlong beses sa isang linggo bilang volunteer.

Parang kailan lang, kompleto pa silang apat na magkakaibigan. Ni wala sa hinagap nilang magkakasunod ang pag-aasawa nina Alessa at Joyce sa loob ng maikling panahon. At ilang linggo mula ngayon ay nakatakda ang beach wedding ni Yen sa nobyo nitong si Xamuel na namimirmihan sa Palawan.

Mabuti pa ang mga kaibigan niya, may mga nakapitas na, samantalang siya ay nagmistulang mangga na nakalimutang hanguin sa kalburo.

Napapalatak si Mitch, umiral ang natural na pagiging optimistic. Bakit ba siya naninimdim nang ganito? Wika nga ng marami, para siyang isang one-stop shop; maganda na, mabait at matalino pa.

Dahil doon, hindi siya dapat nagpapadaig sa mga nangyayari.

“Hi, Mitch!” nakangiting bati ni Jamie, nakasuot sa balingkinitang katawan nito ang light pink shirt na may nakasulat na ‘*Old People are Gems of the Mind*’ na tinernuhan ng ginantsilyong headband na puti. Katulad niya, volunteer din ito roon. Bukod sa pagiging ahente ng lupa, isinisingit din nito sa oras ang pagtulong sa kapwa. “Akala ko, hindi ka na darating, eh,” anito.

Napangiti ang dalaga. “Puwede ba iyon? Alam mo namang hindi kompleto ang linggo ko kapag hindi ako nakakadalaw dito,” tugon niya.

Tinabihan niya ang kaibigan sa mahabang silya na naroon sa loob ng volunteer section. Kasalukuyang abalang-abala ito sa paghahanda ng mga gamot at bitamina na iinumina ng matatanda na nakatoka rito.

“Kunsabagay, nakakabit na sa pagkatao mo ang *Golden Legacy* kaya imposibleng talikuran mo. Hay, kung naging lalaki lang talaga ako, liligawan kita. Napakasuwerte ng mapapangasawa mo, sa totoo lang,” anito.

Kaya gustung-gusto niyang kasama si Jamie. Pakiramdam niya, isa siyang anghel tuwing kausap

ito. Kahit isang pintas ukol sa kanya ay wala siyang narinig mula sa babae. Ang lahat ay pulos papuri. Sa kabila niyon ay nananatiling nakatuntong ang mga paa niya sa lupa at hindi lumalaki ang kanyang ulo.

Gayunpaman, natawa siya sa sinabi nito. Masuwerte nga ba siya kung lagi namang iniwan ng mga dating nobyo?

Moderna kasi si Mitch. At marahil, kahit sabihing iba na ang panahon ngayon, karamihan sa mga lalaki ay naghahanap pa rin ng inosente pagdating sa karanasang sekswal.

Huminga siya nang malalim. Bakit nga ba siya panghihinaan ng loob? Talaga lamang sigurong pulos manloloko ang natatapat sa kanya. Pasasaan ba't makikilala rin niya ang kabiya ng puso niya.

“Baka sumobra na ang tiwala ko sa sarili niyan,” nakangiting sabi niya.

“Aba, totoo naman ang lahat ng sinabi ko, ah! Ewan ko nga ba sa mga naging boyfriends mo kung bakit hindi nakita ang mga katangian mong iyan. Mga bulag yata!” Isa-isa nitong inilagay nang maayos sa tray ang mga tabletas at ang bawat munting lalagyan ay dinikitan nito ng label upang hindi magkamali.

Naikibit niya ang mga balikat nang marinig

iyon. “Siguro, talagang I’m destined to being single forever,” aniya.

“Oy, huwag mong sabihin iyan! Ako na ang nagsasabi sa ’yo, Mitch. Sayang ka!”

“Naku!” Napailing siya. “Sayang na kung sayang. Kung iyon ang kapalaran ko, eh, di tanggapin. May magagawa ba ako?”

“Teka nga...” Itinigil nito sandali ang ginagawa. “Bakit ka ba ganyan kung magsalita ngayon? Naninibago ako sa ’yo, ah. Kulang ka ba sa tulog?”

Natahimik si Mitch. Bukod sa mga kaibigan, kay Jamie lamang siya nakakapagsabi ng nasasaloob. Halos sabay kasi silang nagsimula noon sa institusyong iyon kaya parang kapatid na rin ang turing niya sa babae.

“Hindi kasi ako sanay na nag-iisa sa condo. Hinahanap-hanap ko rin iyong ingay at kulitan naming magkakaibigan. Kahit masaya ako para sa kanila, hindi ko rin maiwasang malungkot para sa sarili ko,” aniya.

Napabuntong-hininga ang kausap, hinimashimas ang likod niya. “Ay! Pati tuloy ako nalulungkot na rin. Huwag mong masyadong isipin iyon kasi papangit ka. Isa pa, narito pa naman ako at malabong

maunahan kitang mag-asawa. Smile na, ha. Gusto mo, sumayaw ako?” anito.

Sumimangot siya kunwari. “Sira!”

While driving her red *Honda Accord*, Mitch couldn’t just ignore the sight of a joyful bride spreading her gown in front of a church. Mukhang kaiibis lamang nito mula sa bridal car. At dahil sa pakialamera niyang imahinasyon, ipinalit niya ang kanyang mukha sa babaeng ikakasal.

Hindi nagtagal ay tinugtog na ang wedding march at sinimulan niyang lakarin ang mahabang aisle na punumpuno ng rose petals. Napakarami ring panauhin at ang lahat ay nagagalak na makita siya.

Pinaghalong lungkot at saya ang nararamdaman ni Mitch nang mga sandaling iyon dahil sa wakas, natupad na ang kanyang pangarap.

Mayamaya ay napahinto siya nang mahapyawan ng tingin ang altar—nawawala ang groom!

At kasabay niyon, bigla niyang tinapakan ang preno nang umilaw ang red light. *You’re a hopeless idiot, Mitch Ysmael*, nasabi niya sa sarili.

Mabuti na lamang, dumating sa buhay niya

ang *Golden Legacy*. Bukod sa nalilibang siya sa mga gawain dito, nakokompleto ang sarili niya sa pag-aaruga sa matatanda. Ipinagpapasalamat niya sa Diyos na naging bahagi siya ng institusyong iyon.

Maaga kasing naulila si Mitch. Limang taon siya nang sumabog ang eroplanong sinasakyan ng kanyang mga magulang pauwi rito sa Pilipinas.

Ang Tita Suani niya na nakababatang kapatid ng kanyang ama ang kumupkop at nagpaaral sa kanya. At nang dumating ang panahon na kinailangang mangibang-bansa ng kanyang tiyahin, kusa siyang nagpaiwan dahil mas gusto niyang manatili rito sa bansa.

“Ate Sally,” bungad ni Mitch sa senior custodian ng *Golden Legacy*. Mula sa *Margin Bookstore* na ipinagkatiwala sa kanya ng mga kasosyong kaibigan, sumugod siya roon matapos makatanggap ng tawag mula rito. May-sakit daw si Nanay Empa, isa sa mga alaga niya, at siya ang hinahanap. “Kumusta si Nanay Empa?”

“Medyo bumaba na ang lagnat niya. Nanggaling na rin dito si Dr. Bartolome,” tukoy nito sa doktor na personal na tumitingin sa matanda. Kaibigan ito ng

may-ari ng institusyon.

“Hay, salamat naman. Nasaan siya?”

“Nasa quarter nila, nagpapahinga. Pero bukambibig niya ang pangalan mo. Naglalambing siguro,” nakangiting sabi ng custodian.

“Sige, doon muna ako. See you later.” Kinawayan niya ito bago tumalikod.

“Michelle!” sabik na bulalas ng matanda nang pumasok siya sa silid na kinalulugaran nito. Pangtatluhan ang isang quarter kaya bukod dito, kasalo nito roon sina Nanay Miling at Nanay Corazon na parehong nakangiti nang makita siya.

Naupo siya sa gilid ng kama ni Empa. “Kumusta ka na?” Sinalat-salat niya ang noo nito. “Pasensya na sa inyong tatlo at wala akong nabiling pasalubong. Nagmamadali kasi ako kanina.”

“Huwag mong intindihin iyon, anak. Ang importante ay narito ka na,” anang matanda.

“Alam mo ba, Michelle, ang lungkot-lungkot niyan kanina,” tukoy ni Miling kay Empa. “Pero nang makita ka, biglang sumigla.”

“Oo nga!” sang-ayon ni Corazon.

“Ang mabuti pa, ipagluluto ko kayo ng sopas. Gusto ba ninyo iyon?”

Parang mga bata na nagpalakpakan ang tatlo. Nasisiyahan naman si Mitch dahil kahit sa maliit na bagay ay napapasaya niya ang mga ito.

Biglang sumagi sa isip niya ang namayapang mga magulang. Sa pamamagitan ng *Golden Legacy*, napupunan niyon ng ligaya ang nangungulila niyang puso.

“Oh, my God!” naibulalas ni Mitch nang buksan niya ang pinto ng volunteer section. Malakas ang kalabog niyon kaya batid niyang may tinamaan siya. Nagmamadali kasi siyang umuwi nang hapong iyon.

“Ouch!” narinig niyang daing ng isang lalaki.

Napangiwi siya nang makita ang lalaking kasama ni Sally. Hinihimas nito ang noo.

“S-sorry! H-hindi ko po sinasadya,” kandautal na paumanhin niya.

“O-okay lang. M-mag-iingat ka na lang sa susunod.” Nag-angat ng ulo ang estranghero.

Napanganga ang dalaga nang makilala ito.

Ganoon din ang reaksiyon nito nang makita siya.

“M-Michelle Ysmael?”

“A-Adrian?”

“Magkakilala kayo?” nasorpresang tanong ng senior custodian. Salitan silang tiningnan nito.

Hindi makasagot si Mitch. Naging bahagi kasi ang lalaki sa kapilyahan niya noong araw. At hindi niya alam kung may mukha pa siyang ihaharap dito.

“Y-yes. We were friends before,” salo ni Adrian.

Friends? tahimik na ulit niya. Bahagyang nakunot ang kanyang noo. Batid niyang may kalakip na sarkasmo iyon. Ngunit sa ibang makakarinig, parang mayroon silang magandang pinagsamahan.

Marahil, kung tatanungin si Adrian kung ano ang ideya nito ng demonyita, malamang ay siya ang ilalarawan nito.

“Mitch,” baling ni Sally sa kanya, “Adrian is our new volunteer. At umaasa akong magtutulongan kayo sa ikagaganda ng serbisyo natin sa mga nangangailangan dito sa *Legacy*.”

“S-sure, Ate Sally.” Kailangan niyang plantsahin ang dila para umunat iyon nang sa gayon ay hindi

mahalata ng bagong dating na ayaw niya itong makasama sa trabaho dahil sa kahihiyan.

“At sa tingin ko, mas makakabuti kung kayo na lang ang gawin kong partners. Sa iba ko na lang i-assign si Jamie. Ano sa tingin mo, Mitch?” dugtong ng custodian.

Natuliro ang dalaga. Gusto sana niyang kumontra, ngunit makakatangi pa ba siya kung ang mismong taong pinagkakautangan niya ng loob ang humihiling niyon sa kanya?

Magkaibigan kasi ang kanyang tiyahin at si Sally. Nang magtungo ang una sa Illinois, ipinagbilin siya nito sa kaibigan na hindi naman nag-atubiling patirahin siya sa bahay nito. At kahit isang kusing na duling ay hindi siya siningil ng babae.

Nagpasya lamang siyang magpaalam sa poder nito nang makapalagayang-loob niya si Joyce. At dahil mahilig sa libro ang bagong kakilala, sinubukan nilang humiram ng malaking pera sa bangko para sa naisip nilang negosyo; ang *Margin Bookstore* na namamayagpag ngayon sa Cebu.

Ngunit bago nila iyon naumpisahan, nakadaupang-palad nila si Yen na hindi naman nagdalawang-isip na idagdag ang sariling pera para sa puhunan.

At sa loob ng unang anim na buwan na pamamalakad niyon, noon naman nila nakilala si Alessa. At sa kagustuhan din nitong magkaroon ng negosyo, isinosyo din nito ang naipong pera.

“S-sige po. W-wala pong problema sa akin,” aniya.

“Good! So, Adrian,” baling ni Sally sa binata, “Mitch will teach you the procedures of the job. Kung may pag-aalinlangan ka, just ask her. She’s expert on that.”

“I’m sure I can count on her *expertise anytime*.” Nahimigan niyang idiniin nito ang dalawang huling salita, dahilan upang mapaismid siya.

2

Mula sa mesang kinaroroonan ni Adrian Dela Vista sa canteen ng *Golden Legacy*, matiim niyang pinagmamasdan si Mitch. Hindi niya lubos-akalain na magkikita silang muli nito. At lalong hindi sa lugar na kagaya ng institusyong iyon.

He straightened his back on the seat, trying to recall how blithe and laid-back Mitch was when they were in college. And that was ten years ago...

Fourth year graduating student siya noon sa isang universidad sa Mandaue at kumukuha ng kursong AB Economics. Unlike most of the boys his age, bahay-eskuwela ang naging patakaran niya sa buhay, kaya malimit siyang pagkaisahan ng mga kaklase. Worst, he always ended up alone.

Mahirap talagang ipilit sa sarili na magustuhan ang hilig ng iba. Isa pa, magkakaiba ang bawat tao. All he wanted to do then was to finish the course with flying colors and to discover what life could offer afterwards.

Minsan, naimbitahan siya ni Rachel na dumalo sa kaarawan nito. Kaibigan niya ang babae at kaklase ni Mitch. Knowing the latter would be there, he couldn't

say no. Matindi ang pagkakagusto niya kay Mitch at ano ba naman iyong pagbigyan niya ang sarili. Isa pa, naisip niya, malapit na ang graduation at hindi na magiging madalas ang kanilang pagkikita o baka hindi na nga sila magkita pang muli.

Nang dumating siya sa bahay ng celebrant, masayang sinalubong siya nito kasunod si Mitch at dalawa pang kaibigang babae. Tumalbog yata ang puso niya nang masilayan ang babaeng nililiyag.

Third year BS Tourism student noon ang dalaga and because she was tagged as one of the pretty girls, isang titulo iyon na parang pinaninindigan naman nito.

“Hi, Adrian!” bati ni Mitch. Ang ngiti nito ay parang bulaklak na namumukadkad sa madaling-araw at ang mga mata naman ay nagniningning na parang tala sa kalangitan. Muntik na tuloy siyang hindi nakapagsalita.

“Hi,” aniya. “Kanina pa ba kayo rit—”

Naputol ang sasabihin niya nang hilahin siya ni Mitch papasok sa loob. Halos mabunggo nila ang ibang naroon habang iginigiya siya nito kung saan. And his breath tightened when he stepped on the hazy-lighted dance floor, with a very slow, sexy music propping up

their feet.

Sila lamang yata ang pinagmamasdan ng karamihan, ang mga mata ay matiim na nakatutok sa kanila, nakikiramdam. At pakiwari ni Adrian, isinisigang siya sa mainit na kaldero. He almost collapsed.

“Hey!” Nabura lamang ang lahat ng iniisip niya nang magsalita ang dalaga. “Tell me, mukha ba akong virus na dumapo sa ’yo at namumutla ka?”

Sa halip na sumagot, dinukot niya ang panyo sa bulsa at pinahiran ang namumuong pawis sa noo. Paanong hindi siya magkakaganoon, nakasukbit ang dalawang braso ni Mitch sa kanyang leeg, dahilan upang maramdaman niya ang kalambutan ng dibdib nito na unti-unting gumagambala sa pagkalalaki niya. And he couldn’t say he was just sick. Because the truth was, he wanted to explode!

“S-sorry. First time ko kasi...” he had managed to say. Gayunpaman, ikinagulat niya ang biglang pagtawa nito nang malakas.

“If this is your first time on the dance floor, well, I’m sure a kiss from me is dangerously new to you, too.” Inilapit nito ang bibig sa kanya. Hindi naman ito amoy-alak para pag-isipan niya nang masama.

Dangan nga lamang ay hindi siya makapaniwalang iyon ang natural ng dalaga—ang pagiging prangka, pilya, at agresibo.

Maaaring studious type si Adrian at tipong hindi makabasag-pinggan. Pero hindi siya tanga para hindi matunugan ang ibig ipahiwatig nito; minamaliit ni Mitch ang kakayahan at kaalaman niya pagdating sa mga babae. Samantalang kung tutuusin, nasa high school pa lamang siya nang unang makahalik ng isang babae. Iyon nga lang, kung ang pag-uusapan ay ang bagay na mas malalim pa roon, wala pa nga siyang maipagmamalaki pa. Gayunpaman, hindi siya magpapakaignorante kung iyon lamang ang pamantayan nito.

“D-dito?”

“Come on.” Muli siyang hinila ni Mitch. Inakyat nila ang second floor. Nagpalinga-linga ito na parang daga na may pinagtataguang pusa. At nang may makitang bakanteng silid, pinasok nila iyon.

“T-teka, nakakahiya sa parents ni Rachel kapag—”

“Don’t worry, nasa garden sila. At wala silang malalaman, manahimik ka lang, okay?” anito.

“Pero—”

“Now prove to me I am wrong about you,” hamon ni Mitch nang makakuha ng maalwang puwesto at muling isinampay ang mga braso sa magkabilang balikat niya.

Nangunot ang noo ng binata. Ano ba ang tingin nito sa kanya? Inutil?

“Be a man, Adrian, and make me your woman tonight.” Binigyan siya nito ng mapanuksong halik. “Gusto mo bang paniwalaan ko ang sinasabi nila tungkol sa ‘yo?’”

Sa sinabing iyon ng dalaga, nakanti ang ego niya. At hindi siya makakapayag na tratuhin nitong walang kuwenta ang pagkalalaki niya.

Ikinulong ni Adrian sa mga palad niya ang mga pisngi nito at siniil ng halik sa labi. Isang halik na maalab ngunit nakadepensa, mariin ngunit malalim ang pinagmumulan. He wasn’t certain if that would make an equal to what she had experienced before but the only thing he wanted was he couldn’t let her think about him the same way again.

Nasa ganoong ayos sila nang biglang bumukas ang pinto ng silid.

“Mitch!” sigaw ni Rachel, kasama ang mga kaibigan. Bagaman nasa boses nito ang sorpresa,

walang ganoong reaksiyon siyang nakita sa mukha nito. Gayundin ang mga kasama nito na parang kaswal na nakamasid lamang sa kanila.

“Oops!” Bumitiw si Mitch sa kanya at nilingon ang mga kabarkada pagkatapos ay ibinalik ang paningin sa kanya. “Your kiss was quite impressive but... you need more practice. Anyway, I’m glad to be your first.”

Pagkasabi niyon ay tumakbo na ito palabas at ibinalandra ang pinto. Napailing na lamang si Adrian sa sarili. It was her intention to humiliate him in front of her friends. Ngunit ang ipinagtataka niya, bakit sa dinami-dami ng nakakasalamuha nito sa campus ay siya pa ang naisipan nitong paglaruan?

Nang mangawit si Mitch sa pagkakaupo ay tumayo siya at sumilip sa bintana. Kapag kasi maraming inaasikaso si Sally, siya ang hinihilingan nitong gumawa ng report na isa-submit nila sa *DSWD*.

Napakurap siya nang makita niya si Adrian na nililibang si Lolo Abe. Marahan nitong itinutulak ang wheelchair ng matanda habang tila nawiwili naman ang huli sa pakikinig sa mga kuwento ng binata.

Napabuntong-hininga siya. Her thoughts rolled back to the time when she had acquired the guilt

inside her.

Adrian was very far from most of the boys she knew. Ito ay matino, tahimik, at seryoso sa buhay. Puwede nga itong makapasa sa priesthood kung gugustuhin lamang nito.

Maraming dahilan para hangaan ang lalaki. Gayunpaman, nagawa pa niya itong linlangin at paasahin.

Hanggang ngayon ay malinaw pa sa gunita niya ang mga mata nito nang halikan niya. Nagtatanong ang mga iyon ngunit parang naroon din ang kasiyahan habang nakatitig sa kanya.

At nang ito naman ang gumanti ng halik, bigla siyang nakaramdam ng kaba. Pati ang puso niya ay natigatig sa pagiging good kisser nito.

At sa isang iglap, wala sa hinagap niyang mababaligtad ang kanyang plano; siya ang nahulog sa itinatago nitong gayuma.

Nang sumunod na mga pagkikita nila sa *Golden Legacy*, Mitch made sure that she was at her best. Ngunit tila walang epekto iyon kay Adrian. Hindi siya nito pinapansin at laging nakatuon ang atensyon sa

ginagawa. Kinakausap lamang siya nito kapag may kinalaman iyon sa trabaho.

“Mukhang lumilipad na naman ang isip mo,” untag ni Jamie. Para siyang naalimpungatan nang tabihan siya nito.

“H-ha?”

“Uy! Talagang wala sa sarili ang lola ko!” Natawa ang kaibigan. “Hindi ko narinig ang boses mo sa maghapon, ah. In love ka ba o you’ve just fallen out of love?”

Kunwari ay inirapan niya ito. “Ganito lang naman talaga ako, ah,” palusot ni Mitch.

Umismid ito. “Hindi yata. Mawawalan ng boses ang loro, pero ikaw, hindi,” anito.

“Wala na ba akong karapatang mag-isip at sumeryoso kahit sandali?”

“Anong sandali? Noong isang araw ka pa ganyan, eh.” Nakurumpit ang bilugang mukha nito habang nakatingin sa kanya.

“Guni-guni mo lang iyon,” paiwas pa ring sagot niya.

Mula sa bench na kinauupuan nila sa labas ng

volunteer section, lumibot ang paningin ni Jamie sa siesta ground sa gawing kaliwa kung saan nakaupo ang matatanda habang nakikinig sa mga kuwento ni Adrian.

“Siya ba ang dahilan ng pananahimik mo?”
Ininguso ng kaibigan ang binata.

“Ano naman ang kinalaman niya sa iniisip ko?”
pagsisinungaling ni Mitch.

“Aba, malay ko! Ang balita ko kasi, magkakilala kayo.”

“Schoolmate ko siya dati pero hindi kami close, kaya walang dahilan para intrigahin mo ako sa kanya, okay?” aniya.

“Sungit! Para nagtatanong lang, eh,” nakangiting sabi nito. “Siyanga pala, nabalitaan mo na ba?”

Nangunot ang noo niya. “Ang alin?”

“Sa ibang bansa na raw maninirahan si Mrs. Amores,” pagbibigay-alam nito.

Si Mrs. Barbara Amores ang may-ari ng institusyon. Maraming taon ang ginugol nito upang marating ng *Golden Legacy* ang estadong kinalalagyan ngayon. Gayunpaman, sa edad nito, kailangan na rin ng ginang na magpahinga. Ngunit ang problema,

wala kahit isa sa apat nitong anak ang may gustong sumalo ng lahat ng pinagpaguran ng matanda.

“P-paano ang *Legacy*?” nag-aalalang tanong ng dalaga. Biglang sumagi sa isip niya ang mga kawawang matanda. Paano na kung mawawalan ng tirahan ang mga ito?

“Ililipat daw sa isang pamangkin ang pamamahala ng *Legacy*, kaya wala raw tayong dapat ikabahala,” ani Jamie.

Mitch sighed in relief. “Hay, mabuti naman. Ako ang unang iiyak kapag nagsara ang institusyong ito,” aniya.

“Tama ka. At ako ang pangalawa,” anang kausap.

3

“Oy! bakit ang haba ng nguso mo, ha?” puna ni Jamie nang makitang parang nilamukos ang mukha niya.

“Sabihin niya kasi agad kung ayaw niya sa akin...”

Nagdugtong ang mga kilay nito. “Sino ba ang tinutukoy mo?”

Napabuntong-hininga si Mitch. Sandaling itinigil niya ang paghihilera ng mga de-lata sa eskaparate. Naroon sila sa volunteer section.

“Walang iba kundi ang magaling kong partner,” naiinis na tugon niya.

“Si Adrian?”

“May iba pa ba kong partner dito?” Itinuloy niya ang ginagawa, habang nakasimangot.

“Teka nga, ngayon lang kita nakitang nag-init ang ulo nang ganyan, ah. Ano ba ang ginawa sa ’yo ng mukhang santong iyon?” tanong ni Jamie.

Nanlaki ang mga mata niya at napalingong muli rito. “Santo? Ang sabihin mo, santopak!”

Napangiti ito. At kung hindi siya nagkakamali,

may malisya iyon.

“Jamie, huwag mo akong ngitian nang ganyan. Walang nakakatuwa sa sinabi ko.” Pinamaywangan niya ito habang nakatuntong sa patung-patong na monoblock chairs, hawak ang isang lata ng corned beef.

“Ganyang-ganyan ka rin kasi noong hindi ka na sinusundo ni Lee,” tukoy nito sa huli niyang naging boyfriend. “Halos patayin mo ang sarili mo sa inis.”

“Eh, paanong hindi ako maiinis sa Adrian na iyon? Halos ako na ang gumawa ng trabaho niya noong isang araw. Iyon pala, nakikipagkuwentuhan lang siya sa maaarteng social workers na iyon sa opisina ni Ate Sally. Pagkatapos ngayon, tanghali na, wala pa siya! Huwag niyang sabihing ako na naman ang gagawa ng tungkulin niya at... naku!” Lumabas ang pagka-loro niya.

At halos kasabay niyon ay bumukas ang pinto at iniluwa ang senior custodian.

“Mitch, mabuti’t narito ka na. Hindi kasi dumating iyong magpipintura ng bagong quarter sa pavilion two. Eh, maagang dumating si Adrian at nagprisintang siya na raw ang gagawa niyon. Si Jamie na lang muna ang katulungin mo ngayong

araw. Pasensya na, ha,” paumanhin ng babae.

Nakaramdam si Mitch ng hiya para sa sarili. Putak siya nang putak, mali naman pala ang iniisip niya. At nang mapatingin siya kay Jamie, nagkibit-balikat lamang ito at muling napangiti.

Mag-isa lamang si Adrian nang datnan ni Mitch sa bagong quarter. Seryosong-seryoso ang lalaki habang isinusuyod nito ang paint roller sa dingding kaya wala itong kamalay-malay na nakalapit na siya.

Napahugot siya ng malalim na hininga nang mapagmasdan ang kabuuan nito. Kung kanina ay nagniningas siya sa inis, ngayon naman ay parang gusto pa niyang pasalamatan si Sally dahil siya ang nautusan nitong maghatid ng merienda para sa lalaki. At nagkaroon pa siya ng pagkakataong matitigan ito nang panakaw.

Pagdating sa pagtupad ng mga obligasyon, walang ipinagbago si Adrian; responsable at dedikado.

Mayamaya ay malisyosong gumapang ang paningin niya sa mga braso nito; they were firm and muscled. Parang masarap magpakulong sa mga iyon at magpaturong kung paano magpintura habang hawak nito ang isang kamay niya. At kahit binabalutan ng

t-shirt ang katawan nito, his sturdy back and V-shaped body gripped her eyes, confirming his physical power. And the way he stood up the working ladder, he was deliriously attractive.

Napahigpit ang kanyang kapit sa hawak na tray nang mayamaya ay hinubad ng binata ang pang-itaas nito, dahilan upang lumikot ang imahinasyon ni Mitch. Nagmistulang slow motion iyon na pinanonood niya sa telebisyon. Halos umusli ang kanyang mga mata sa nakakabaliw na hitsura at kilos nito.

At amoy pa lang, ulam na, aniya sa isip nang sumuot sa ilong niya ang gamit nitong cologne musk.

“Kanina ka pa ba diyan?” tanong nito nang malingunan siya.

“H-ha?” Tarantang napakurap-kurap si Mitch; hindi niya akalaing mapuputol kaagad ang paglalakbay ng diwa niya. “H-hindi. K-kadarating ko lang,” pagsisinungaling niya.

Bumaba ng hagdanan ang lalaki at nilapitan siya, nakatambad ang maskuladong dibdib. Hindi tuloy niya alam kung saan imamaniobra ang paningin. Ayaw niyang mahalata nito ang pagkaasiwa niya.

“Para sa akin ba iyang dala mo?” Sinulyapan nito ang pomelo juice at chicken sandwich sa tray.

“O-oo. P-pinabibigay ni Ate Sally. M-magmerienda ka na raw,” naiilang na sagot niya.

Sino ba naman ang hindi makakaranas ng paninikip ng dibdib kapag kaharap ang lalaking ito? Kapag tumitig, talaga namang makapigil-hininga. At kapag ngumiti, sumisilay ang biloy nito sa kaliwang pisngi. Hay, gusto niyang himatayin!

“Halika, saluhan mo ako,” sabi nito, aktong susubuan siya ng sandwich na kinuha nito mula sa platito.

Namula ang kanyang mukha, sabay iniwas ang bibig. Ang akala niya, alarm ng grandfather’s clock ang naririnig niya. Iyon pala, puso niya iyon, walang humpay sa pagdagundong.

“You’re the same Mitch Ysmael that I used to know.” Napatitig si Adrian sa kanya. “How can I forget those cheeks that easily turn red... such mystery in your eyes... and the mischief covering your lips that had once pushed me to the edge...”

I’m not, Adrian! gusto sana niyang isigaw rito. And I had never been anyone just as you thought. And if only I could change the way you perceive me, I wouldn’t think twice...

Nagusot ang mukha ni Mitch nang ini-start niya ang engine ng sasakyan na nakaparada sa parking lot sa likod ng *Golden Legacy* building. Ayaw umandar niyon. At nang bistahin niya, may leak pala ang gasoline tank at nasaid na ang laman.

“Kaya pala pumupugak-pugak kanina,” pumapalatak na sabi niya. Pipindutin na niya ang numero ng kaibigan niyang mekaniko nang may magsalita sa tabi niya.

“I’d better give you a roller coaster ride,” anito.

Napalingon ang dalaga.

Si Adrian.

Sa boses at tindig nito, pakiramdam niya, si Archangel Michael ng pelikulang *Legion* ang kaharap niya—isang tagasagip sa oras ng kagipitan. And those thoughts had eased her up.

Ngunit nang maalala ang kasalanan, tinanggihan niya ang alok ng kausap.

“N-no, thanks. Magpapatawag na lang ako ng taxi kay Mang Boy,” tukoy niya sa guwardya.

“You shouldn’t feel accountable for anything, Mitch. It’s my own free will to send you home safe tonight,” seryosong sabi ng binata, dahilan upang

mapatitig siya sa mga mata nito.

Accountable? ulit niya sa isip. “W-what?” nakakunot-noo na pangungumpirma niya. Nasasalamatin ba sa kanyang mukha ang nararamdamang guilt kaya madali nitong nasabi iyon?

“Do I have to force you to put on your seatbelt?” anito.

Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. “Hindi mo naman ako hina-harass niyan?”

“Do I need to harass you? You know my reputation ever since.” Lumitaw ang biloy nito nang ngumiti.

Napahiya siya sa sinabi ni Adrian. Batid niyang sarkastiko ang pagkakabitw ng mga salitang iyon. Mabuti na lamang, kaagad siyang nakaisip ng paraan para makabawi.

“Oh, yes, I remember. Anyway, thanks for your kindness, Fr. Adrian.” Pagkasabi niyon ay lumulan na siya sa black *Mitsubishi Montero* nito. Hindi na niya nilingon kung ano ang naging reaksiyon nito sa patutsada niya.

“Tell me, Mitch, bakit ka narito sa *Golden Legacy*?” tanong nito nang nasa biyahe na sila.

Napatingin siya sa katabi. Gustong maningkit

ng mga mata niya. Wala ba sa bokadura niya ang pagnanais na makatulong sa kapwa?

Napabuntong hininga siya. Kunsabagay, kung sa panig ni Adrian, may karapatan nga itong magtanong kung ang pagbabasehan ay ang pagkakakilala nito sa kanya.

“Maybe it’s the same reason why you’re here,” tugon niya.

Napangiti ito. “I guess not,” anito.

“And why not?” Tumaas ang isang kilay niya.

“Tba ang dahilan kung bakit ako narito.”

“Nakakasiguro ka rin ba sa iniisip mong dahilan kung bakit ako narito?”

Hindi ito sumagot. Sa halip, ipinasok nito ang sasakyan sa parking lot ng isang sikat na restaurant sa Cebu.

“Hindi natin pinag-usapan na dadaan tayo rito,” nakasimangot na sabi niya.

“Kailangan bang pinagkasunduan ang lahat ng bagay bago gawin? Dapat ba laging planado... katulad noon?”

Natahimik si Mitch. Iyong nangyari na naman

noon ang tinutukoy nito. Kailan ba siya makakaalpas sa kasalanang hindi naman niya sinadya? Sa kasalanang napilitan lamang siyang gawin dahil nasaktan siya?

“Alam mo,” patuloy nito, “I’m really having a hard time thinking what’s the real business of someone like Mitch Ysmael in a dull and boring institution like *Golden Legacy*.”

“Then don’t. And I won’t wish to convince you either,” madiing saad ng dalaga, at buong pagmamalaking binuksan niya ang pinto ng sasakyan saka tinunton ang gilid ng kalsada, aktong papara ng taxi.

Maagap na sinundan siya ni Adrian at pinigilan sa braso. “And where do you think you’re going?”

“I’m going home alone! Dadalhin mo ako rito pagkatapos kung anu-ano ang sinasabi mo! Sa tingin mo ba, matutunawan ako, ha? Kumain kang mag-isa mo!”

Nagmistulang magnobyong sila nang ipiksi niya ang braso niyang hawak nito. Pinagtitinginan tuloy sila ng mangilan-ngilang tao na napapadaan doon.

“Halika na sa loob. Gumagawa na tayo ng eksena rito. Baka akala nila, may taping dito ng

teleserye.” Hinawakan ni Adrian ang kamay niya. At sa nakakakilig na ginawa nito, parang bigla siyang inapoy ng lagnat.

Gayunpaman, nagpakipot pa rin siya. “Ayoko!”

“Susundin mo ba ako o hindi?”

“Wish mo lang!” matigas pa ring sabi niya.

Napasigaw si Mitch nang buhatin siya ng binata papasok sa loob ng restaurant. Napapangiti ang bawat makakita sa kanila. Samantalang pulang-pula naman ang mukha niya sa pagkapahiya.

“Tbaba mo nga ako! Nakakahiya, ano ba!” ani Mitch, ngunit hindi nito pinansin ang palahaw niya. Ibinaba lamang siya ni Adrian nang marating ang napili nitong puwesto para sa kanila.

“Don’t you do that ever again!” mangiyak-ngiyak na banta niya.

Ngunit napangiti lamang ito. “If you don’t challenge me, you’ll be fine, little girl.”

4

“Hindi na ako magtatanong kung bakit nakasimangot ka,” kaagad na puna ni Jamie nang masalubong siya nito sa pasilyo ng pavilion one.

Napaismid si Mitch. “Hindi ako nakasimangot,” salag niya.

“Siguro may nakaraan kayo ng Adrian na iyon, 'no! At nagseselos ka kay Berna,” tukoy nito sa social worker na laging kausap ng lalaki. Iniwan niya ang dalawa sa volunteer section dahil ayaw niyang makunsuming mag-isa.

Pinandilatan niya ang kaibigan. “At bakit naman ako magseselos?”

Pinatulis nito ang nguso. “Aba! Iyon nga rin ang tanong ko sa sarili ko. Bakit nga ba?”

“M-masakit lang ang ulo ko, kaya wala ako sa mood,” pagsisinungaling niya.

Ang totoo, naghuhuramentado talaga ang kalooban ni Mitch tuwing makikita si Adrian na kausap ang social worker na iyon. Paano, bale-wala ang effort niya sa pagpapa-sexy at pagpapaganda,

nananatiling manhid ang tinatrato niyang pari. Samantalang si Berna, halatang walang fashion sense pero busog sa atensyon ng lalaki.

“Naku!” napapailing na sabi ni Jamie. “Masama na iyan. Umakyat na ang selos sa utak mo. Sa tingin ko, hindi iyan kaya ng simpleng paracetamol lang.”

Kokontrahin sana niyang muli ito nang masalubong nila si Sally.

“Mitch, puntahan mo nga si Nanay Mildred sa quarter niya. Mukhang sinusumpong na naman. Nanggaling na doon sina Tanya at Grace, pero talagang ayaw daw tumahan ng matanda,” tukoy nito sa dalawa pang volunteers. Kaagad namang tumalima ang dalaga.

Paliko pa lamang si Mitch sa pasilyo na iyon patungong silid ni Mildred ay dinig na dinig na niya ang boses ng matanda. Nag-uulyanin na kasi ito kaya parang bata kung magwala. At kapag ganoon, wala itong kinikilalang iba maliban sa kanya. Kaya nang marinig niya ang panangis nito ay bumilis ang mga hakbang niya.

Ngunit napahinto ang dalaga nang makita niya si Adrian na nakatayo sa labas ng pinto. Napatingin ito

sa kanya nang maramdaman ang kanyang presence.

“Ikaw yata ang hinahanap niya,” seryosong sabi nito, itinuro ang matanda sa loob.

Muntik na namang mag-init ang ulo niya nang mabungaran si Berna na kuntodo ang pang-aaliw kay Mildred. Pati pala ito ay pumapel na roon para siguro magpasikat sa lalaki.

Napailing si Mitch. Masyado na yata siyang nagpapatalo sa nararamdaman. Hindi naman siya dating ganoon. At kung panibugho man iyon o hindi, dapat niyang kalimutan muna iyon.

Ngumiti naman ang social worker nang makita siya.

“Nanay Mildred...” Hinimas-himas niya ang likod ng matanda nang makalapit dito. “Hindi ba sabi ko, nalulungkot ako kapag umiiyak kayo?”

“Eh, kasi narinig ko iyong nagtitinda ng ice cream sa labas. Gusto ko sanang bumili kaso ayaw nila akong palabasin,” parang paslit na sumbong nito.

“Ah, iyon lang ba?”

Tumango ito habang isinisingit ang paghikbi.

“Sige, ibibili kita mamaya. Pero dapat maligo ka

muna,” masuyong sabi ni Mitch.

Lumabi si Mildred. “Sabi mo lang iyon pero hindi mo naman ako talaga ibibili, di ba?”

“Mayroon na ba akong promise na hindi tinupad?”

Umiling ang pobreng matanda, ikinuskos ang mga palad sa mga pisnging basa ng luha.

“O, iyon naman pala, eh. Smile na diyan, ha? Gusto mo, ako ang magpaligo sa ’yo? Magpapalobo tayo ng sabon.” Nakahinga nang maluwag si Mitch nang sa wakas ay lumapad ang ngiti ng alaga.

Nang mag-angat siya ng ulo, nalaman niyang nakaalis na pala si Berna. Ngunit si Adrian, tila napako sa kinatatayuan. Seryoso itong nakatingin sa kanya, nasa mukha ang isang ekspresyon na kasing-labo ng himpapawid kapag umuulan.

Ilang hakbang na lamang ang distansya ni Mitch sa nakaparada niyang sasakyan sa parking lot ng *Golden Legacy* nang mahapyawan niya ng tingin si Adrian kasama si Berna.

Hindi niya namalayang napasimangot siya nang igiia ito ng lalaki papasok sa sasakyan, mukhang ihahatid kung saan.

Naramdaman niyang gumapang ang selos sa kalamnan niya. Gusto niyang lapirutin ang dalawa na parang kinakatas na luya.

Ano ka ba, Mitch! Ni hindi ka nga pinapansin ng lalaking iyon pero daig mo pa ang asawa kung magngitngit, pagalit na sabi niya sa sarili.

Hay, ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi nga ba dapat mayamot pa siya sa sarili at hindi sa mga taong inaalon ng pagkakagusto sa isa't isa?

At dahil sa kamamadali at pag-iwas upang hindi makita ng mga ito, lumihis si Mitch ng daan. Ngunit ang masaklap, hindi niya napansin ang parking gutter kaya natapilok siya roon. At pati ang mga tuhod at braso niya ay hindi nakaligtas sa gasgas. Napadaing siya sa sakit.

God! Masama yata ang pagkakadapa niya. Hindi siya makatayo. Kumikirot ang kaliwang paa niya. Mabuti na lang, dahil sa kalabog na nilikha niya, napansin siya ng dalawa.

“M-Mitch?” Nasa boses ni Adrian ang pag-aalala. Lumapit din si Berna.

“Ano ba ang nangyari?” tanong ng babae.

Nagusot ang mukha ni Mitch. Kung hindi lamang

masama ang pakiramdam niya ay tatarayan niya ito. Nakita na nga nito ang nangyari, nagtatanong pa!

Samantalang ang binata, walang tanung-tanong na binuhat siya patungong kotse nito at mabilis na pinaandar iyon. At kahit paano ay napangiti siya nang lihim dahil ipinuwesto siya nito sa front passenger seat. At si Berna, nakontento na lamang sa likuran at nanatiling walang imik habang nasa biyahe sila.

Ilang minuto lang ay narating nila ang pinakamalapit na orthopedic hospital sa lugar. At nang matapos i-x-ray ang napinsala sa kanya at matingnan ng isang espesyalista, para siyang nabunutan ng tinik. Ayon dito, minor sprain lang ang nangyari sa kanya. Gayunpaman, kailangan niyang ipahinga muna iyon nang ilang araw.

Pumitlag ang puso ni Mitch nang mabungaran si Adrian sa labas ng pinto ng unit niya.

“Hi!” kaagad na bati nito nang makita siya. He was in his usual shirt and jeans, his short hair was slightly brushed up with gel, making him look more delectably handsome.

His face was serious but his eyes seemed to be always smiling as if those were made to mislead her

thoughts.

“A-ano ang ginagawa mo rito?” Bukod sa kilig na nararamdaman niya, nasa boses din niya ang pagtataka.

Ngumiti ito. “Masama bang kumustahin kita?” tanong ng lalaki, sabay sulyap sa paa niyang nababalutan ng bandage.

Napabuntong-hininga si Mitch. Oo nga pala, magdadalawang linggo na siyang hindi nakakapag-report sa *Golden Legacy* dahil sa nangyari sa kanya.

“Nagpunta ka ba rito para ipaalala sa akin ang katangahan ko?” prangkang tanong niya. Mas mabuti na iyong tapatan para hindi siya nahihiwagaan sa sadya nito.

“No,” mabilis na sagot ng lalaki. Napatitig ito sa mga mata niya. “Honestly, I wanted to call you. Pero madaling sabihin sa telepono na maayos ka. So I decided to come here to see for myself how you’re doing.”

Muling napahugot ng hininga ang dalaga. Sa ekspresyon nito at sa paraan ng pagkakasabi ng mga katagang iyon, naramdaman niyang sinsero naman ito sa sinabi.

Niluwangan niya ang pagkakabukas ng pinto.

“Tuloy ka,” aniya.

“You live here alone?” tanong nito nang makapasok sa loob at saglit na pinasadahan ng tingin ang unit.

“My friends used to live here with me pero nag-asawa na iyong dalawa. At iyong isa, ikakasal na rin.” Inayos niya ang pagkakahilera ng throw pillows sa sofa. “Maupo ka. Pasensya ka na, marumi ang bahay. Nahihirapan pa kasi akong gumalaw.”

Naupo ito. “Don’t worry, hindi naman itong bahay mo ang dinadalaw ko,” seryosong sabi ni Adrian.

Napatingin siya sa binata nang marinig iyon. Pakiramdam niya, isang napakagandang awit ang simpleng mga salitang iyon, parang kinikiliti ang mga tainga niya.

“How’s your sprain?” tanong nito pagkatapos.

“Medyo okay na, hindi katulad noong isang linggo. Nailalakad ko na ngayon. Iyon nga lang, paika-ika pa rin. Saka kapag malamig ang panahon, kumikirot,” sagot niya.

Ngumiti si Adrian. “Sa tingin ko, kulang ka lang ng lakwatsa,” biro nito.

Napaingos siya. “Anong kulang? Baka nga sumobra kaya humina ang mga tuhod ko,” balik-biro ni Mitch, nangingiti.

Natawa ito. “Kailangan lang niyan ng practice. Ang mabuti pa, magbihis ka. May pupuntahan tayo,” anito.

Napakurap-kurap si Mitch bago nakasagot, “H-huwag na. Hindi ko pa kakayanin,” tanggi niya.

“Ako ang kasama mo, bakit ka nag-aalala? Sige na, I’ll wait here,” pangungulit nito.

“S-sigurado ka?”

“Yeah.”

“Baka pagtawanan ka nila kapag nakitang may kasama kang pilay,” aniya.

“Of course not. Maganda ka naman.” Sa himig ni Adrian, hindi alam ng dalaga kung papuri iyon o may halo pa ring biro. Gayunpaman, sapat na iyon upang paunlakan niya ang paanyaya nito. Isa pa, para na rin mapagbigyan niya ang sarili na makasama ang lalaki.